

Magandang hapon, mga Pamilya at Kawani ng ASD,

Umaasa ako na nagkaroon kayo ng magandang katapusan ng linggo! Marami sa inyo ang gumawa ng tradisyon ng pamilya na maglakbay sa Palmer para sa pagsisimula ng Alaska State Fair. Inaasahan kong makapunta at makikita pa ang maraming bagay tungkol sa Alaska!

Bukas, sisimulan natin ang ating unang buong linggo ng taon ng pasukan. Habang tayo ay nasasabik tungkol sa bagong taon ng pasukan, ang katotohanan ng pagpasok sa mga paaralan ay nananatiling pinakamalaking hamon natin ngayon. Mayroon tayong pitong bagong mga drayber na magmamaneho sa linggong ito at higit sa 50 sa proseso ng pagkukuha/pagsasanay upang gawin din ito. Patuloy naming saliksikin ng higit pang mga opsyon para magdagdag ng mga drayber. Ang opsyon ng National Guard ay hindi gumana, ngunit hindi ito nangangahulugan na huminto tayo doon. Maaari mong basahin ang higit pa tungkol dito sa [pahina ng FAQ](#) sa Transportasyon ng Bus sa ilalim ng "What other options are being explored?"

Noong Huwebes at Biyernes, nakita namin mismo kung ano ang mga isyu sa trapiko na kailangang matugunan kaagad. Narinig din namin mula sa inyo. Ang inyong feedback ay patuloy na nakatulong sa aming mga agresibong pagsisikap na ayusin ang mga problema. Iyon ang dahilan kung bakit gusto kong makipag-ugnayan ngayong gabi habang naghahanda kayo para sa linggo.

Magpapatuloy sa linggong ito ang matinding siksikan at ungol ng trapiko. Hindi ko palalabasin na ito ay kaaya-aya. Magiging mahirap ito nang kaunti pa, gayunpaman, magsisimula itong bumuti. Ang ating mga kasosyo sa transportasyon mula sa Munisipyo ng Anchorage at Estado ng Alaska ay tumutulong sa atin na harapin ang pagsisikip ng trapiko na ito.

Pansamantala, mangyaring patuloy na panatilihin na ang kaligtasan ang prayoridad kapag kayo ay papunta at mula sa mga paaralan. Mangyaring suriin itong mga tip sa kaligtasan ng school zone upang makatulong na gawin itong ligtas at maayos hangga't maaari:

- Magsuot ng reflective tape o kasuotan na madaling makita habang naglalakad papunta/naghihintay sa mga hintuan ng bus.
- Mag - carpool kung maari.
- Ang paggamit ng cell phone sa mga school zone ay ipinagbabawal, na may multa na \$500.

- Alisin ang mga nakapatong sa mga upuan ng inyong sasakyan upang madaling makapasok sa sasakyan ang inyong estudyante.
- Ihatid ang inyong estudyante malapit sa paaralan hangga't maaari upang hindi sila tumawid sa mga kalye.
- Tiyaking papasok at aalis ang inyong estudyante sa sasakyan sa gilid o sa tabi.
- Mag-merge mula sa drop-off/pick-up zone nang mabilis hanggga't maaari.
- Subukang makipag-usap sa parking lot o sa ibang lugar.
- Iwasang gumamit ng mga paradahang para sa may kapansanan upang kunin ang inyong estudyante maliban kung mayroon kayong itinalagang permiso.
- Huwag mag-dobleng parada o huminto sa mga tawiran.

Nasabi ko noong Biyernes, ang ating mga pamilya ang ating prayoridad. Huwag sumuko! Kami ay nagsusumikap para maayos ito.

Patuloy tayong magtulungan nang sama-sama upang matiyak na ang ating mga estudyante at kawani ay darating at makaalis sa paaralan nang ligtas.

Magkikita tayo bukas!

Best,

Dr. Jharrett Bryantt, Ed.D.
Superintendente
Anchorage School District